8

# Modelong Banghay-Aralin sa Filipino

Kwarter 3

Aralin 6

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Filipino 8**
**Kwarter 3: Aralin 6 (Linggo 6)**
**TP 2025-2026**

Ang kagamitang panturong ito ay eksklusibo sa mga gurong kalahok para paunang papapatupad o implementasyon ng MATATAG K - 10 na kurikulum sa taong panunurang 2025-2026. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat**:

- Leo A. Tolentino (Vicente P. Trinidad National High School - Valenzuela)

**Tagasuri**:

- PNU-RITQ Develoment Team

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University

Research Institute for Teacher Quality



SiMERR National Research Center


Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, pagigingmalikhain, at kritikal na pag-unawa at pagsusuri ng mga tekstong pampanitikan sa Panahon ng pananakop ng Hapon at tekstong impormasyonal (persweysib) at editoryal para sa pagpapahalaga sa sariling kalinangan, at pagbuo ng mga teksto sa iba't ibang paraan (multimodal) para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan, at target na babasa o awdiyens. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng rebyu ng sanaysay na nasa *video* o animasyon na isinasaalang-alang ang mga elemento ng biswal at *multimodal* na may paglalapat ng kasanayang komunikatibo at etikal na kasanayan at pananagutan. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | 1. Natutukoy ang mahahalagang elemento (tauhan, tagpuan, banghay at tunggalian) at detalye sa tuluyan<br>2. Naipaliliwanag ang banghay (gaya ng pagkakasunod-sunod ng pangyayari; pagyuyugto ng mga pangyayari (*foreshadowing*), pagkakahanay ng mga pangyayari (*parallelism and simultaneity*), pagbabalik-tanaw sa mga pangyayari (*in medias res*), mensahe, pahiwatig at kaisipan sa binasang tuluyan<br>3. Naiuugnay ang mahahalagang kaisipan ng tuluyan batay sa sariling pananaw, moral, katangian at karanasan ng tao<br>4. Nasusuri ang mahahalagang pangyayari ng teksto (tuluyan) batay sa konteksto ng panahon, lunan at may-akda<br>5. Nasusuri ang mga elementong panlingguwistika (bisa ng salita, pahiwatig, idyomatikong pahayag, estilo) ng tuluyan |
| **D. Nilalaman** | **Mga Akda sa Panahon ng Pananakop ng Hapon**<br>**Maikling Kuwento** |
| **E. Integrasyon** | Kahirapan at Kawalang Katarungan<br>Hindi Buong Pamilya (Broken Family)<br>Multikultural na Edukasyon |

| II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO |
|---|
| Dillague, N., Gorrospe, F., & Marquez, S. (1998). Dangal (Panitikang Pilipino) (J. Flores, Ed.). Manila: Adamson University.<br>Komisyon sa Wikang Filipino. (n.d.). Diksiyonaryo. Retrieved May 22, 2024, from diksiyonaryo.ph website: https://diksiyonaryo.ph/<br>PDF Coffee. (n.d.-a). Lupang Tinubuan Ni Narciso G. Retrieved June 6, 2024, from pdfcoffee.com website: https://pdfcoffee.com/lupang-tinubuan-ni-narciso-g-pdf-free.html<br>PDF Coffee. (n.d.-b). MAESTRE-EDROLIN-LOQUIAS. Retrieved June 6, 2024, from pdfcoffee.com website: https://pdfcoffee.com/maestre-edrolin-loquias-pdf-free.html<br>PDF Coffee. (n.d.-c). Nagmamadali Ang Maynila. Retrieved June 6, 2024, from pdfcoffee.com website: https://pdfcoffee.com/nagmamadali-ang-maynila-3-pdf-free.html<br>PDF Coffee. (n.d.-d). Suyuan Sa Tubigan Ni Macario Pineda. Retrieved June 6, 2024, from pdfcoffee.com website: https://pdfcoffee.com/suyuan-sa-tubigan-ni-macario-pineda-pdf-free.html<br>PDF Coffee. (n.d.-e). Uhaw Ang Tigang Na Lupa Ni Liwayway Arceo. Retrieved June 6, 2024, from pdfcoffee.com website: https://pdfcoffee.com/uhaw-ang-tigang-na-lupa-ni-liwayway-arceo-7-pdf-free.html<br>Villafuerte, P., Bandril, L., Bernales, R., Cabrera Jr., H., & Mangonon, I. (2000). Panitikang Panrehiyon sa Pilipinas. Maysan, Valenzuela City: Mega-Jesta Prints, Inc. |

| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br>**1. Maikling Balik-aral**<br>**SUSING SALITA.** Bilugan mula sa kahulugan ang mga susing salita na maaaring tandaan upang matandaan ang mga pangunahing ideya sa dula.<br>“Ang dula ay akdang naglalamán ng diyalogo at aksiyon (pag-arte) ng mga tauhan na tinatawag na aktor o aktres, sinadya upang itanghal sa entablado o teatro na pook o gusaling tinatanghalan o pinagdadausan ng mga dula, pelikula, at iba pa.”<br>**2. Pidbak**<br><br>Magbahaginan ng sagot: Bakit sinasabing “ang dula ay salamin ng buhay?” | Para sa **SUSING SALITA**, maaaring tumawag ng mga mag-aaral upang ipaliwanag bakit nila binilugan ang mga susing salita mula sa ibinigay na kahulugan.<br><br>Ang gawain sa Pidbak ay kaugnay ng takdang aralin para sa nagdaang linggo. |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br><br>**PANGHIKAYAT NA GAWAIN – IGRUPO ANG SARILI.** Magsama-sama (*group yourselves*) ng mga mag-aaral ang kanilang sarili batay sa sasabihin | Para sa **IGRUPO ANG SARILI,** walang matatanggal na mag-aaral, layunin lamang nito na maging |

| | | |
|---|---|---|
| | ng guro. Magcountdown ang guro (10-1) at sa pagatapos nito ay kailangang nakagrupo na ang mga mag-aaral.<br><br>Banggitin ng guro: "I-grupo ninyo ang inyong mga sarili sa ___________________."<br><br>1. Unang letra ng apelyido<br>2. Buwan ng kapanganakan<br>3. Edad o gulang<br>4. Lugar na Tirahan<br>5. Lugar ng kapanganakan (iugnay ito sa pamagat ng teksto, "Lupang Tinubuan."<br><br>**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin (10 minuto)**<br>**KRUSIGRAMA** – Isulat sa mga kahon ang salita batay sa ibinigay na kahulugan. Ipagamit sa sariling pangungusap ang mga salita.<br><br>**PABABA**<br>1. anumang bagay na narinig subalit hindi maunawaan<br>3. malalim na tagos o baon<br>5. paghanap, pag-alam kung nasaan ang isang bagay<br>**PAHALANG**<br>2. pigil, anumang nasupil<br>4. pinakamalaking tumpok ng mga ginapas na palay na isinaayos na tíla | pamilyar ang mga mag-aaral sa mga datos patungkol sa kanilang mga kaklase. Panatilihin ang kaayusan at disiplina.<br><br>Maaaring gawan ng modipikasyon ang gawaing ito.<br><br>Sagot sa **KRUSIGRAMA:**<br> |

| | | |
|---|---|---|
| | pabilog na piramide upang patuyuin bago giikin<br>6. nakaimpit ang labì, ngipin, o bagáng sa pagpipigil o pagtitimpi ng galit o sakít | |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **Kaugnay na Paksa 1: Mga Akda sa Panahon ng Pananakop ng Hapon**<br>**Maikling Kuwento:** *Lupang Tinubuan ni Narciso G. Reyes*<br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>**GAWAIN 1.** Magbigay ang mga mag-aaral ng mga salitang maiuugnay sa pamagat ng maikling kuwento.<br><br><br>**IKALAWANG ARAW**<br><br>**2. Pinatnubayang Pagsasanay**<br>**GAWAIN 2. SURING-TEKSTO**: Hatiin ang klase sa sampung pangkat. Bawat pangkat ay basahin ang bahagi na ibinigay sa kanila at sagutan ang gawain na itinakda sa kanilang grupo. Iulat ito sa klase.<br>**LUPANG TINUBUAN**<br>*ni Narciso G. Reyes*<br><br>**Pangkat 1: Isa-isahin at ilarawan ang mga tauhan (Bahagi 1-3).**<br>(1)Ang tren ay tumulak sa gitna ng sali-salimuot na mga ingay. Nagsisigawan ang mga batang nagtitinda ng mga babasahin, Tribune, mama, Tribune, Taliba. Ubos na po. Liwayway, bagong labas. Alingawngaw ng mga habilinan at pagpapaalam. Huwag mong kalimutan, Sindo, ang baba mo ay sa Sta. Isabel, tingnan mo ang istasyon. Temiong, huwag mong mabitiw-bitiwan ang supot na iyan. Nagkalat ang mga magnanakaw, mag-ingat ka! Kamusta na lang sa Ka Uweng. Sela, sabihin mong sa Mahal Na Araw na kami uuwi. Ang pases mo Kiko, baka mawaglit. Maligayang paglalakbay, Gng. Enriquez. Ngumiti ka naman, Ben, hindi naman ako magtatagal doon at susulat ako araw-araw. Kamusta na lamang. Paalam. Paalam. Hanggang sa muli. | Para sa **SURING-TEKSTO**, ipabasa na bilang takdang gawain sa unang araw ang maikling kuwento bilang paghahanda sa pagsusuri at pag-uulat sa ikalawang araw.<br><br>Maaari ding gawan ng modipikasyon ang bilang ng pangkat. Maaaring gawing lima o apat na lamang at tig-dalawa o may pangkat na tatlo ang nakatakdang gawain. Maaari din na may |

(2)Ang tren ay nabuhay at dahan-dahang kumilos. H-s-s-s-Tsug. Tsug. Naiwan sa likuran nina Danding ang takipsilim ng Tutuban, at sila'y napagitna sa malayang hangin at sa liwanag ng umaga. Huminga nang maluwag ang kanyang Tiya Juana at ang sabi, "Salamat at tayo'y nakatulak na rin. Kay init doon sa istasyon." Ang kanyang Tiyo Goryo ay nakadungaw at nagmamasid sa mga bahay at halaman sa dinaraanan. Ang galaw ng makina ngayon ay mabilis na't tugma-tugma, tila pintig ng isang pusong wala nang alinlangan. Napawing tila ulap sa isip ni Danding ang gulo at ingay ng pag-alis, at gumitaw ang pakay ng kanilang pag-uwi sa Malawig. Nagsasalita na naman ang kanyang Tiya Juana, "Ang namatay ay ang Tata Inong mo, pamangkin ng iyong Lola Asyang at pinsan namin ng iyong ama. Mabait siyang tao noong siya'y nabubuhay pa."

(3)Si Danding ay sinagian ng lungkot, bagama't hindi niya nakita kailanman ang namatay na kamaganak. Ang pagkabanggit sa kanyang ama ang tumimo sa ilang bahagi ng kanyang puso, at naglapit sa kanyang damdamin ang hindi kilalang patay. Naalala niya na sa Malawig ipinanganak, lumaki at nagkaisip ang kanyang ama. Bumaling siya sa kanyang Tiya Juana at itinanong kung ano ang anyo ng nayong iyon, kung mayaman o dukha, kung liblib o malapit sa bayan. At samantalang nag-aapuhap sa alaala ang kanyang butihing ate ay nabubuo naman sa isip ni Danding ang isang kaaya-ayang larawan, at umusbong sa kanyang puso ang pambihirang pananabik.

| TAUHAN | PAGLALARAWAN |
|---|---|
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |

**Pangkat 2: Ilarawan ang tagpuan (Bahagi 4-5).**

(4)Sa unang malas, ang Malawig ay walang pagkakaiba sa alinmang nayon sa Kalagitnaang Luzon. Isang daang makitid, paliko-liko, natatalukapan ng makapal at manilaw-nilaw na alikabok. Mga puno ng kawayan, mangga, niyog at akasya. Mga bahay na pawid, luma na ang karamihan at sunog sa araw ang mga dingding at bubong. Pasalit-salit, isang tindahang hindi mapagwari kung tititigan sa malapit. Doon at dito, nasisilip sa kabila ang madalang na hanay ng mga bahay. At sa ibabaw ng lahat, nakangiti at puno ng ningning ng umaga, ang bughaw, maaliwalas at walang ulap na langit.

(5)"Walang maganda rito kundi ang langit," ang sabing pabiro ng kutsero ng karitelang sinasakyan nila. Pinaglalabanan ni Danding ang sulak ng pagkabigo sa kanyang dibdib. "Hindi po naman," ang marahan niyang tugon. Naisaloob niyang sa mga nayong tulad nito isinilang at nagsilaki sina del Pilar, at iba pang bayani ng lahi, at sa gayong mga

mga gawain dito na talakayin muna ng buong klase at ang iba ay pangkatan.

bukid nagtining ang diwa ng kabayanihan ng himagsikan laban sa mga Kastila. Ang alaalang iyon ay nakaaaliw sa kanya, nagbigay ng bagong anyo sa lahat ng bagay sa paligidligid.

**Tagpuan**: ____________________________________________________________________________
________
____________________________________________________________________________
____________________________________________________________________________
__________________________________

**Pangkat 3: Tukuyin ang pahiwatig at ibigay ang kahulugan (Bahagi 6).**

(6)Kay rami pala niyang kamag-anak doon. Hindi mapatid-patid ang pagpapakilala ng kanyang Tiya Juana. Sila ang iyong Lolo Tasyo, at sila ang iyong Lola Ines. Ang mga pinsan mong Juan, Seling, Marya at Asyas. Ang iyong Nana Bito. Ang iyong Tata Enteng. Yukod at ngiti rito, halik ng kamay roon. Mga kamaganak na malapit at malayo, tunay at hawa lamang, matatanda at mga bata. Ang lahat yata ng tao sa bahay, buhat sa mga nangasapuno ng hagdan hanggang sa nangasaloob ay pawang kamag-anak ni Danding. "Mabuti na lamang at likas na sarat ang ilong ko," ang naisaloob niya. "Kung hindi ay pulpol na marahil ngayon."

| Pahiwatig | Kahulugan |
|---|---|
| | |

**Pangkat 4: Ibuod ang mga pangyayari (Bahagi 7-9).**

(7)Sapagkat sila lamang ang nagsipanggaling sa Maynila, sa pagtitipong iyon ay napako kina Danding ang pansin ng lahat. Umugong ang kamustahan. Balana ang nagtanong kay Danding ng kung ano ang lagay ng kanyang amang may sakit at ng kanyang inang siya na lamang ngayong bumubuhay sa kanilang maganak. Sinulyapan ng kanyang Tiya Juana si Danding at sinikap na saluhin ang mga tanong. Bantad na siya sa pagkamaramdamin ng kanyang pamangkin, at alam niyang ang kasawian ng ama nito ay talusaling na sugat sa puso nito. Ngunit hindi niya maunahan ng pagtugon kay Danding, na tila magaan ngayon ang bibig at palagay na ang loob sa piling ng mga kamag-anak na ngayon lamang nakilala.

(8)Isang manipis na dingding ng sawali ang tanging nakapagitan sa bulwagan at sa pinakaloob ng bahay, na siyang kinabuburulan ng patay. At sa bukas na lagusan, na

napapalamutihan sa magkabilang panig ng mga puting kurtina salo ng pinagbuhol na lasong itim, ay walang tigil ang pagyayaot-yaot dito ng mga taong nakikiramay sa mga namatayan, nagmamasid sa bangkay. Ngunit pagpasok na pagpasok ni Danding ay nag-iba ang kanyang pakiramdam. Napawi sa kanyang pandinig ang alingawngaw sa labas, at dumampi sa kanyang puso ang katahimikan ng kamatayan. Dahan-dahan siyang lumapit sa kabaong, at pinagmasdan ang mukha ng bangkay. Maputi, kaaya-aya ang bukas, isang mukhang nagbabandila sa katapatan at kagitingan. Nabakas ni Danding ang lapad ng noo, sa mga matang hindi ganap ang pagkakapikit, at sa hugis ng ilong, ang bahagyang pagkakahawig sa kanyang ama. Bigla siyang nakaramdam ng awa at lungkot.

(9)"Hindi mo nababati ang Nana Marya mo," ang marahang paalala ng kanyang Tita Juana. "At ang pinsan mong si Bining," ang pabulong pang habol. Humalik ng kamay si Danding sa asawa ng yumao, at naupo sa tabi ni Bining, ngunit wala siyang nasabing anuman. Puno ang kanyang puso. Pagkaraan ng ilang sandali ay umabot siya ng isang album sa mesang kalapit, binuksan iyon, at pinagmuni-muni ang mahiwaga at makapangyarihang kaugnayan ng dugo na nagbubuklod ng mga tao. Pagkakain ng tanghalian ay nanaog si Danding at nagtungo sa bukid sa may likuran ng bahay. Nakaraan na ang panahon ng paggapas, at namandala na ang ani. Malinis ang hubad na lupa, na naglalatang sa init ng araw. Naupo si Danding sa ilalim ng isang pulutong ng mga punong kawayan, at nagmasid sa paligid-ligid.




**Pangkat 5: Itala ang mga binanggit na pagbabalik-tanaw o paglalarawan sa naganap na pangyayari (Bahagi 10-22).**

(10)Hindi kalayuan, sa gawing kaliwa niya, ay naroon ang kanyang Lolo Tasyo na nagkakayas ng kawayan. Ang talim ng matanda ay tila hiyas na kumikislap sa araw. Tumindig si Danding at lumapit sa matanda. Si Lolo Tasyo ang unang nagsalita.

(11)"Kaparis ka ng iyong ama," ang wika niya. "Bakit po?"

(12)"Balisa ka sa gitna ng karamihan; ibig mo pa ang nag-iisa."

(13)"May mga sandali pong kailangan ng tao ang mapag-isa."

(14)"Ganyan din siya kung magsalita, bata pa'y magulang na ang isip."

(15)"Nasaksihan po ba ninyo ang kanyang kabataan?"

(16)"Nasaksihan!" Napahalakhak si Lolo Tasyo. "Ang batang ito! Ako ang nagbaon ng inunan ng ama mo. Ako ang gumawa ng mga una niyang laruan. Naulila agad siya sa ama."

| | | |
|---|---|---|
| | (17)Tumayong bigla si Lolo Tasyo at itinuro ng itak ang hangganan ng bukid. “Doon siya malimit magpalipad ng saranggola noong bata pa siyang munti. Sa kabilang pitak siya nahulog sa kalabaw, nang minsang sumama siya sa akin sa pag-araro. Nasaktan siya noon, ang akala ko’y hindi siya titigil sa kaiiyak.”<br>(18)Lumingon ang matanda at tiningala ang punong mangga sa kanilang likuran. “Sa itaas ng punong ito pinaakyat ko at pinagtago ang ama mo isang hapon, noong kainitan ng himagsikan, nang mabalitaang may mga huramentadong Kastila na paparito. At doon, sa kinauupuan mo kanina, doon niya isinulat ang kauna-unahan niyang tula–isang maikling papuri sa kagandahan ng isa sa mga dalagang nakilala niya sa bayan. May tagong kapilyohan ang ama mo.”<br>(19)Napangiti si Danding. “Ang dalaga po bang iyan ang naging sanhi ng pagkakaluwas niya sa Maynila?”<br>(20)“Oo,” natigilan si Lolo Tasyo na tila nalalasap sa alaala ang mga nangyari. “Nahuli sila sa tabi ng isang mandala ng palay.”<br>(21)“Nahuli po?”<br>(22)“Oo – sa liwanag ng aandap-andap na bituin.”<br><br>**Pagbabalik-tanaw o Paglalarawan sa Naganap na mga Pangyayari**<br>(mga blangkong linya)<br><br>**Pangkat 6: Tukuyin at bigyan ng kahulugan ang mga idyoma (Bahagi 23-27).**<br>(23)Marami pang ibig itanong si Danding, ngunit naalala niya ang patay at ang mga tao sa bahay; baka hinahanap na siya. Unti-unting pinutol niya ang pag-uusap nila ni Lolo Tasyo, at iniwan ang matanda sa mga alaala nito.<br>(24)“Ano ang pinanood mo sa bukid?” ang usisang biro ng isa sa mga bagong tuklas niyang pinsan.<br>(25)“Ang araw,” ang tugon ni Danding, sabay pikit ng mga mata niyang naninibago at hindi halos makakita sa agaw-dilim na tila nakalambong sa bahay. Ang libingan ay nasa gilid ng simbahan, bagay na nagpapagunita kay Danding ng sumpa ng Diyos kay Adan sa mga anak nito, at ng malungkot at batbat–sakit na pagkakawalay nila, na kamatayan lamang ang lubusang magwawakas. Nagunita niya na sa maliit na bakurang ito ng mga patay na nakahimlay ang alabok ng kanyang ninuno, ang abang labi ng Katipunan, ng | |

mga pag-asa, pag-ibig, lumbay at ligaya, ng palalong mga pangarap at mga pagkabigo na siyang pumana sa kanya ng kanyang angkan. Magaan ang pagyapak ni Danding sa malambot na lupa, at sinikap niyang huwag masaling maging ang pinakamaliit na halaman.

(26)Handa na ang hukay. Wala na ang nalalabi kundi ang paghulog at pagtatabon sa kabaong. Ngunit ng huling sandali ay binuksang muli ang takip sa tapat ng mukha ng bangkay, upang ito'y minsan pang masulyapan ng mga naulila.

(27)Nabasag ang katahimikan at naghari ang impit na mga hikbi at ang mga piping pananangis na higit na makadurog-puso kaysa maingay na pag-iyak.

| IDYOMA | KAHULUGAN |
|---|---|
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |


**Pangkat 7: Anong uri ng tunggalian ang naganap? (Bahagi 28 – 31) Ipaliwanag.**

(28)Pinagtiim ni Danding ang kanyang mga bagang, ngunit sa kabila ng kanyang pagtitimpi ay naramdaman niyang nangingilid ang luha sa kanyang mga mata.

(29)Sandaling nag-ulap ang lahat ng kanyang paningin. Nilunod ang kanyang puso ng matinding dalamhati at ng malabong pakiramdam na siya man ay dumaranas ng isang uri ng kamatayan. Balisa at nagsisikip ang dibdib ng damdaming ito, si Danding ay dahan-dahang lumayo at nagpaunang bumalik sa bahay.

(30)Ibig niyang mapag-isa kaya't nang makita niyang may taong naiwan sa bahay ay patalilis siyang nagtungo sa bukid. Lumulubog na ang araw, at nagsisimula nang lumamig ang hangin. Ang abuhing kamay ng takipsilim ay nakaamba na sa himpapawid. Tumigil si Danding sa tabi ng pulutong ng mga kawayan at pinahid ang pawis sa kanyang mukha at leeg.

(31)Ang kapayapaan ng bukid ay tila kamay ng isang inang humahaplos sa nag-iinit na noo ni Danding. Huminga siya nang malalim, umupo sa lupa, at ipinikit ang mga mata. Dahan-dahang inunat niya ang kanyang mga paa, itinukod sa lupa ang mga palad; tumingala at binayaang maglaro sa ligalig niyang mukha ang banayad na hangin. Kay lamig at kay bango ng hanging iyon.





**Pangkat 8: Isa-isahin ang mga kuwentong nalaman o narinig ng tauhan. Ano ang reksiyon ng tauhan kaugnay nito? (Bahagi 32).**

(32)Unti-unti siyang pinanawan ng lumbay at agam-agam, at natiwasay ang pagod niyang katawan. Sa kapirasong lupang ito, na siyang sinilangan ng ama niya, ay napanatag ang kanyang puso. Palakas nang palakas ang hangin, na nagtataglay ng amoy ng lupa at kay bango ng nakamandalang palay! Naalala ni Danding ang mga kuwento ni Lolo Tasyo tungkol sa kanyang ama, at siya'y napangiti nang lihim. Ang pagsasaranggola sa bukid, ang pagkahulog sa kalabaw, dalaga sa bunton ng palay, ang lahat ay nananariwa sa kanyang gunita. Tumawa nang marahan si Danding at pinag-igi pang lalo ang pagkakasalampak niya sa lupa. Tila isang punong kababaon doon ang mga ugat, siya'y nakaramdam ng pagkakaugnay sa bukid na minsa'y nadilig na mga luha at umalingawngaw sa mga halakhak ng kanyang ama.

| Kuwentong Nalaman o Narinig ng Tauhan | Reaksiyon ng Tauhan |
| --- | --- |
| | |
| | |
| | |

**Pangkat 9: Ano ang mensaheng ibig ipabatid ng kuwento sa mga mambabasa (Bahagi 33-34)?**

(33)Sa sandaling iyon ay tila hawak ni Danding sa palad ang lihim ng tinatawag na pag-ibig sa lupang tinubuan. Nauunawaan niya kung bakit ang pagkakatapon sa ibang bansa ay napakabigat na parusa, at kung bakit ang mga nawawalay na anak ay sumasalunga sa bagyo at baha makauwi lamang sa Inang Bayan. Kung bakit walang atubiling naghain ng dugo sina Rizal at Bonifacio. Sa kabila ng mga magigiting na pangungusap ng pambihirang mga pagmamalasakit, at ng kamatayan ng mga bayani ay nasulyapan ni Danding ang kapirasong lupa, na kinatitirikan ng kanilang mga tahanan, kinabubuhayan ng kanilang mga kamag-anak, kasalo sa kanilang mga lihim at nagtatago na pamana ng kanilang mga angkan. Muli siyang napangiti.




**Pangkat 10: Anong kaisipan ang natutuhan mula sa bahaging ito (Bahagi 34)?**

(34)Sa dako ng baybay ay nakarinig siya ng mga tinig, at nauulinigan niyang tinatawag ang kanyang pangalan. Dahan-dahan siyang tumayo. **Gabi na, kagat na ang dilim sa lahat ng dako.** Walang buwan at may kadiliman ang langit. **Ngunit nababanaagan pa niya ang dulo ng mga kawayang nakapanood ng paglikha ng unang tula ng kanyang ama, at ang ilang aandap-andap na bituing saksi ng unang pag-ibig nito.**



Narito ang rubriks ng pagmamarka:

**Rubriks sa Pangkatang Gawain**

| KRAYTERYA | NATATANGI (10) | MAHUSAY (8) | PAPAUNLAD (6) |
|---|---|---|---|
| **KAWASTUHAN NG SAGOT** | Natatangi at wasto ang mga sagot sa graphic organizer | Wasto ang sagot sa graphic organizer | May ilang mali sa sagot sa graphic organizer |
| **PAG-UULAT** | Natatangi ang pag-uulat at pagpapaliwanag. Nasagot ang tanong ng guro at mga kamag-aral. | Mahusay ang pag-uulat at pagpapaliwanag | Hindi ganap na naipaliwanag ang pag-uulat. |
| **KOOPERASYON** | Nakiisa at aktibo ang lahat ng kasapi. | May ilang kasapi na hindi aktibo sa pangkatang gawain | Maraming mga kasapi ang hindi aktibo sa pangkatang gawain |

## IKATLONG ARAW

3. **Paglalapat at Pag-uugnay**

**Gawain 3. S2 (SALIKSIK at SURI)** –Magsaliksik ang mga mag-aaral ng mga maikling kuwentong nalathala sa Panahon ng Pananakop ng Hapones. Hatiin ang klase sa apat na pangkat (o depende sa kung ilan ang nasaliksik na kuwento). Basahin at suriin ito sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong sa talahanayan. Iulat ito sa klase.

**Pamagat:** ________________________________________

**May-akda:** ___________________________________

Para sa **S2 (SALIKSIK at SURI)**, narito ang ilang pamagat ng mga kuwento. Maaaring humanap ng mga sangguniang aklat at mag-download online.

| | | |
|---|---|---|
| 1. Ibuod ang maikling kuwento. | | |
| 2. Sino-sino sa mga tauhan ang may kapareho o di-kapareho sa iyong katangian? | **Tauhan** | **Katangian ng mga Mag-aaral** |
| | | |
| 3. Ano-anong pangyayari sa kuwento ang nahahawig sa inyong karanasan (naranasan o napakinggan o nalaman)? | **Pangyayari sa Kuwento** | **Karanasan ng mga Mag-aaral** |
| | | |
| 4. Magbigay ng mga kaisipan mula sa kuwento. Ano ang opinyon mo tungkol dito? | **Kaisipan** | **Opinyon** |
| | | |
| 5. Ano-anong mabuting pag-uugali ang natutuhan mo mula sa nabasang kuwento? | | |
| 6. Ano ang kabuuang mensahe ng maikling kuwento sa mga mambabasa? | | |

Para sa pagmamarka sa pag-uulat, gamitin pa rin ang rubriks sa itaas.

### IKAAPAT NA ARAW

**Gawain 4. INTERBYU**. Kumapanayam ng mga piling kakilala patungkol sa naging buhay o pamumuhay sa panahon ng Hapon. Itala ng mga mag-aaral ang sagot ng kakapanayamin sa *bullet list* sa ibaba. Tumawag ng ilang mag-aaral na mag-uulat sa klase.

**Tala:** Ang **interbyu o pakikipanayam** ay pormal na pakikipag-usap ng isang tagapanayam sa dalawa o higit pang tao patungkol sa isang paksa.

-Uhaw ang Tigang na Lupa ni Liwayway Arceo
-Lungsod, Nayon at Dagat-dagatan ni N.V.M. Gonzales
-Suyuan sa Tubigan ni Macario Pineda
- Nagmamadali ang Maynila ni Serafin Guinigundo

Narito ang mga mungkahing links:
*https://pdfcoffee.com/lupang-tinubuan-ni-narciso-g-pdf-free.html*
*https://pdfcoffee.com/maestre-edrolin-loquias-pdf-free.html*
*https://pdfcoffee.com/nagmamadali-ang-maynila-3-pdf-free.html*
*https://pdfcoffee.com/suyuan-sa-tubigan-ni-macario-pineda-pdf-free.html*
*https://pdfcoffee.com/uhaw-ang-tigang-na-lupa-ni-liwayway-arceo-7-pdf-free.html*

Ipabasa na ang maikling kuwento sa pangkat bilang takdang gawain upang sa ikatlong araw ay magsusuri na lamang ang pangkat.
Iklian lamang ang buod upang makapagpokus ang pangkat sa tanong 2-5.

Para sa **Gawain 4. INTERBYU**, talakayin na ng

| | | |
|---|---|---|
| | Layunin nito na makakalap ng impormasyon mula sa piniling kakapanayamin sa napagkasunduang petsa, oras at panahong itinakda ng panayam.<br><br>Impormasyon Ukol sa Kinapanayam<br>Pangalan (opsiyonal): ____________________<br>Ilang detalye patungkol sa kinapanayam (kasarian, edad, hanapbuhay atb.)<br>____________________<br><br>Tanong 1: Ano ang mga natatandaan mong karanasan o pangyayari (maaaring naranasan, nalaman, narinig o nabasa) na naganap sa Panahon ng Hapon?<br>____________________<br><br>Tanong 2: Sa isang salita, ano ang paraan ng pamumuhay sa Panahon ng Hapon?<br>Salita: ______________ Paliwanag:<br><br>Tanong 3: Anong aral ang nais ituro ng Panahon ng Hapon para sa mga kabataan sa kasalukuyan?<br>Sagot: | guro ang Tala sa ikatlong araw pati ang bullet list na sasagutan, para handa na sa pagbabahagi sa ikaapat na araw.<br>Maaaring magbigay ng mga pansuportang tanong ang mga mag-aaral sa mga tanong na ibinigay. |
| **D. Paglalahat** | **1. Pabaong Pagkatuto**<br>Batay sa mga akdang sinuri at mga gawain sa linggong ito, ano ang masasabi mo tungkol panahong ito? Ipaliwanag kung bakit kaya sinabi na ang Panahon ng Hapon ay tinatawag na "Gintong Panahon ng Maikling Kuwento."<br><br>Paliwanag:<br>____________________ | |

1. **Pagninilay sa Pagkatuto**

**PANGKAT MO, I-RATE MO!** Markahan ang naging pagganap ng iyong pangkat sa mga ibinigay na gawain ng guro. Magbigay ng mga mungkahing paraan kung papaano mas mapagbubuti ang isinasagawang pangkatang gawain sa klase. Markahan ng 1-3.

| KRAYTERYA | Lahat ng Kapangkat ay Nakapagsagawa ng Krayterya (3) | May ilang Kapangkat na Hindi Naisagawa ang Krayterya (2) | Maraming Kapangkat o Lahat ay Hindi Nakapagsagawa ng Krayterya (1) |
|---|---|---|---|
| 1. Pagbabahaginan ng opinyon patungkol sa gawain. | | | |
| 2. Pagkilos at pagtutulong-tulong sa paggawa. | | | |
| 3. May pagkakaisa at paggalang sa isa't isa. | | | |
| 4. Naiwasan ang alitan. | | | |

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit. MAUNAWANG PAGBASA.**<br>Basahin ang piling bahagi ng maikling kuwentong "Uhaw ang Tigang na Lupa," ni Liwayway Arceo. Sagutin ang mga tanong pagkatapos.<br><br>**Para sa Blg. 1-3**<br><br>Ilang araw ko nang hindi nadadalaw ang aklatan: ilang araw ko nang hindi nasasalamin ang isang larawang mahal sa akin: bilugang mukha, malapad na noo, hati-sa-kaliwang buhok, singkit na mga mata, hindi katangusang ilong, mga labing duyan ng isang ngiting puspos- | **Mga Tamang Sagot:**<br>1. D<br>2. A<br>3. A<br>4. C<br>5. B<br>6. B<br>7. C<br>8. C<br>9. A. |

| | | |
|---|---|---|
| | kasiyahan...Sa kanya ang aking noo at mga mata. Ang aking hawas na mukha, ilong na kawangki ng tuka ng isang loro, at maninipis na labi, ay kay Ina...<br><br>1. Ang tagpuan sa bahaging ito ng kuwento ay _________.<br>A. malimit puntahan ng tauhan<br>B. binabalak puntahan ng tauhan<br>C. iniiwasang daanan ng tauhan<br>D. hindi na napupuntahan ng tauhan<br><br>2. Ang tauhang inilalarawan ng sumulat ay __________.<br>A. kamukha niya<br>B. hindi na niya naaalala<br>C. madalas na malungkutin<br>D. inihabilin lamang sa kanya<br><br>3. Ayon sa sumulat, ang kanyang ina ay _________.<br>A. mahal niya<br>B. galit sa pamilya<br>C. nawala nang matagal<br>D. palaging napapanaginipan<br><br>**Para sa Blg. 4-6**<br><br>Si Ina ay hindi palakibo: siya ay babaing bilang at sukat ang pangungusap. Hindi niya ako inuutusan. Bihira siyang magalit sa akin at kung nagkakagayon ay maikli ang kanyang pananalita: Lumigkit ka!...At kailangang 'di ako makita. Kailangang 'di ko masaksihan ang kikislap na poot sa kanyang mga mata. Kailangang 'di ko namamalas ang pagkagat niya sa kanyang labi. Kailangang 'di ko na makita ang panginginig ng kanyang mga daliri. Ito rin ang katumbas ng kanyang mariing huwag kung mayroon siyang ipinagbabawal.<br><br>4. Ang ina ay masasabing __________.<br>A. palasalita B. palabintang C. matipid magsalita D. matipid mag-utos<br><br>5. Ang pahayag ng ina sa talata ay nagpapakita ng tunggaliang __________.<br>A. tao vs sarili B. tao vs tao C. tao vs lipunan D. tao vs kalikasan | 10. D |

6. Ang pag-uulit ng maraming beses ng salitang “kailangan” sa talata ay nagpapakita ng estilong ____________.
A. pagbabalik-tanaw B. paralelismo C. pagyuyugto D. pagkakasabay

**Para sa Blg. 7-10**

> Ang ngiti ni Ina ay patak ng ulan kung tag-araw: ang bata kong puso ay tigang na lupang uhaw na uhaw…
>
> Minsan man ay hindi ko narinig na may pinagkagalitan sila ni Ama bagama’t hindi ko mapaniwalaang may magkabiyak ng pusong hindi nagkakahinampuhan. Marahil ay sapagkat kapwa sila may hawak na kainawaan: ang pagbibigayan sa isa’t isa ay hindi nalilimot kailanman.

7. Ang ngiti ni Ina ay patak ng ulan kung tag-araw. Ito ay nangangahulugang ______.
A. magsalita B. maasar C. matuwa D. matakot

8. Ang bata kong puso ay tigang na lupang uhaw na uhaw… Ito ay nagpapahiwatig na __________.
A. ang sumulat ay handa nang umalis
B. labis na nauuhaw ang tauhan dahil sa pagod
C. naghahanap ng atensiyon ang anak mula sa ina
D. wala nang nararamdaman ang anak para sa kanyang ina

9. Sa pananaw ng anak, ang kanyang mga magulang ay __________.
A. maayos na nagsasama
B. madalas na nagkakaalit
C. may inililihim sa isa’t isa
D. mukhang maghihiwalay na

10. Matututuhan sa talata na _______________.
A. Ipagpaliban muna ang sariling gusto para sa minamahal sa buhay.
B. Ang bawat anak na hindi sumusunod sa magulang ay mapapahamak.
C. Magsikap upang maibigay ang mga pangangailangan ng sariling pamilya.
D. Kung may hindi man napapagkasunduan, mahalagang nagkakasundo ang mga magulang.

**2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**

<table>
<tr><td></td><td colspan="3">Pagsama-samahin ng klase ang mga papel ng interbyu. Isaayos ito sa isang folder o portfolio bilang kalipunan ng mga panayam ng klase.</td><td></td></tr>
<tr><td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="5">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo. Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.</td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>C. Pagninilay</td><td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>Ano ang maaari ko pang gawin sa susunod?</td><td>Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro.</td></tr>
</table>